# Si Biga-On At Ang Pitong Balon

Sinulat nina:
**Jena I. Igoy**
**Belinda I. Valeña**
Guhit ni: **Rocky L. Inawasan**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

May isang engkantadong lugar, Libo-an ang pangalan, nakatira si Biga-on na mayabang at kinaiinggitan ng kaniyang kapwa engkanto.

Mayroon siyang tambol at gitara na hindi niya natutugtog ng maayos. "Ang ingay!" reklamo ng mga engkanto.

Mayroon din siyang kutsara at tasa na ginagamit sa pagkain ng marami na pinagdadamot sa ibang engkanto.

Mayroon din siyang suklay at salamin na ginagamit sa pag-aayos ng kaniyang sarili para inggitin ang ibang engkanto.

Naiinggit sa kaniya ang lahat ng engkanto.

Isang araw, pumunta si Biga-on sa ilog ng Aklan para manghuli ng hipon. Nang mapuno na ang kaniyang lalagyan, umuwi na siya.





Pagbalik niya sa kweba, napansin niya na nasira ang kaniyang mga gamit. Nagalit si Biga-on at umiyak nang umiyak. "Sino ang sumira ng mga gamit ko? ayusin ninyo ito!"

Walang tigil sa pag-iyak si Biga-on habang hawak niya ang mga nasira niyang gamit. Dumaloy ang mga luha sa kaniyang mga gamit hanggang sa naghugis balon.

Nang mapuno na ng luha ang kaniyang mga balon na kahugis ng kaniyang gamit na parang lilikha ng malaking baha, winika ng mga engkanto, "Aayusin na namin ang iyong mga nasirang gamit at tumigil ka na sa iyong pagluha."

Sa pamamagitan ng mahika, ibinalik ng mga engkanto ang tambol, gitara, suklay, salamin, tasa, at kutsara.

Namangha si Biga-on sa pagbabalik ng kaniyang mga kagamitan. "Isinusumpa ko na magbabago na ako at hindi ipagdadamot ang mga gamit ko," pangako ni Biga-on, sabay ang pagpadyak ng kaniyang paa sa lupa na nag-anyong bagong balon.

